


IMINUMUNGKAHING MGA SA SERBISYONG ALKANTARILYA FAQs

Ito ba ay isang bagong singilin o pagbabayad?

Hindi, hindi ito isang bagong singilin. Ito ay isang bahagi ng Los Angeles Department of Water and Power (LADWP) utility bill mula pa noong 1972. Sinasaklaw ng mga kinikita mula sa Sewer Service Charge o mga Pagsingil sa Serbisyong Alkantariya, ang mga gastusin sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng wastewater ng Lungsod ng Los Angeles, pagpapahusay ng kapital, at pagkakasakop sa pautang ng wastewater conveyance at treatment system. Ang iminumungkahing ng singilin ay kinakailangan upang maprotektahan ang kalusugan ng mga taga-Angelenos at ang kapaligiran. Ang panukala ay ipagpatuloy ang tuluy-tuloy na pagtaas ng pagsingil na nahinto noong 2020 dahil sa pandemya. para sa mga sambayanan na nangangailangan.

Saan napupunta ang pagtataas ng singilin sa aking Sewer Service Charge o Singilin ng Serbisyong Alkantariya?

Ang iyong ay mapupunta sa pagprotekta sa kalusugan ng mga Angelenos at sa kapaligiran sa pamamagitan ng paggawa ng mga pag-upgrade at pagkukumpuni sa lumang wastewater system ng LA at mga reclamation plant nito. Ito ang sistemang ligtas na nagdadala ng wastewater mula sa iyong mga tahanan, negosyo, paaralan, at pasilidad ng komunidad kung saan ito pinoproceso sa apat na water reclamation plant ng LA para sa muling paggamit o ligtas na pag-didischarge.



Iminungkahing City of LA Sewer Services Charge na Pagsingil

	KASALUKUYAN	TAGLAGAS 2024	MAR 2025	HULYO 2025	ENE 2026	HULYO 2026	HULYO 2027	HULYO 2028
Ang mga singilin sa ibaba ay nalalapat sa mga customer ng City of Los Angeles Sewer Service Charge								
\$/HCF*	\$ 5.80	\$ 7.08	\$ 7.56	\$ 8.48	\$ 9.28	\$ 10.13	\$ 11.01	\$ 11.96
Ang mga singilin sa ibaba ay nalalapat sa mga customer ng City of Los Angeles Low-Income Sewer Service Charge								
\$/HCF*	\$ 4.00	\$ 4.89	\$ 5.22	\$ 5.85	\$ 6.41	\$ 6.99	\$ 7.60	\$ 8.25
Nalalapat ang mga pagsingil sa ibaba sa mga pang-industriyang customer na sinusubaybayan ng Industrial Waste Management Division								
Low-Strength SSC - \$/HCF*	\$ 4.02	\$ 4.15	\$ 4.38	\$ 5.01	\$ 5.41	\$ 6.00	\$ 6.50	\$ 7.12
Biochemical Oxygen Demand \$/lb. ng BOD	\$ 0.60	\$ 0.73	\$ 0.80	\$ 0.86	\$ 0.96	\$ 1.02	\$ 1.10	\$ 1.17
Kabuuang Suspended Solids \$/lb. ng TSS	\$ 0.61	\$ 0.64	\$ 0.70	\$ 0.74	\$ 0.83	\$ 0.86	\$ 0.92	\$ 0.97
Ang mga pagsingil sa ibaba ay nalalapat sa mga customer na tumatanggap ng mga serbisyo sa pangongolekta ng wastewater mula sa Lungsod ng Los Angeles at mga serbisyo sa pagsasaayos mula sa Los Angeles County Sanitation Districts								
Sewage Conveyance Charger \$/HCF*	\$ 0.87	\$ 1.89	\$ 1.95	\$ 2.25	\$ 2.38	\$ 2.51	\$ 2.63	\$ 2.91
Sewage Conveyance Charger Mababang Kinikita \$/HCF*	\$ 0.60	\$ 1.30	\$ 1.35	\$ 1.55	\$ 1.64	\$ 1.73	\$ 1.82	\$ 2.01

- S/HCF = Gastos (rote) kada daang cubic feet ng tubig na ginamit. Ang 1 HCF ay katumbas ng 748 galon.
- Low-Strength= wastewater na naglalaman ng mga konsentrasyon ng BOD o TSS na mas mababa kaysa sa itinalagang mga halaga ng BOD at TSS.
- Biochemical Oxygen Demand (BOD) = ang dami ng oxygen na kailangan para pababain ang organikong bagay sa wastewater.
- Total Suspended Solids (TSS) = kabuuang dami ng suspendido o Kfloatingff na mga particle sa daloy ng wastewater.
- Sewage Conveyance Charge= ito ay isang singil para sa paggamit ng LA sewers lamang at hindi kasama ang mga sistema ng wastewater treatment ng LA.

Maraming mga pipeline ang kailangang ayusin o palitan at ang mga proyektong pagpapabuti para sa mga alkantariya at mga pasilidad sa pagsasaayos ay isinasagawa upang patuloy na matiyak na maprotektahan natin ang kalusugan ng publiko at ang pinangangalagaan natin ang ating kapaligiran, kabilang ang ating mga daluyan ng tubig, dalampasigan, at karagatan.

Sa susunod na limang taon, mamumuhunan ang Lungsod sa daan-daang proyekto sa buong lungsod, na may inaasahang gastusin na lalampas sa \$3 bilyon.

Ilulunsad ang mga proyektong upang magtayo, magpahusay, at mapalitan ang mga kritikal na pumping plant na pumipigil sa pag-apaw ng dumi sa alkantariya. Ang pag-modernize sa North Outfall Sewer - ang backbone ng 6,700 milya na sistema ng alkantariya ng LA - ay makukumpleto pagkatapos ng dalawang dekada ng mga proyektong pangkonstruksyon, na tinitiyak ang serbisyo nito para sa mga susunod na henerasyon. Ang mga water reclamation plant ay maghahanda para sa mga pangangailangan sa katatagan para sa kinabukasan ng Los Angeles.

Mayroon ka bang iba pang mga katanungan?

Padalhan kami ng email sa sansscrates2024@lacity.org



Bilang isang saklaw na entidad sa ilalim ng Titulo II ng Batas Ukol sa mga Amerikanong may Kapansanan, ang Lungsod ng Los Angeles ay hindi nagdidiskrimina batay sa kapansanan at, kapag hiniling, ay magkakalob ng makatuwirang akomodasyon upang siguruhin ang pantay na daan sa mga programa, serbisyo at aktibidad nito.

Kung ipagpapatibay ang mga singilin, magkano ang aking singilin?

Maaari mong tanyahin ang iyong mga singilin sa hinaharap gamit ang aming online bill na calculator sa www.LACitySan.org/rates. Hanapin sa iyong huling LADWP para sa Sewer Service Charge para mahanap ang kabuuan ng iyong HCF. (Ang HCF ay nangangahulugang Hundred Cubic Feet o Isandaang Kubikong Talampakan.) Kakailanganin mo ang kabuuang HCF para sa online na bill calculator. Dito mo makikita ito sa iyong utility bill:

Mga Singilin sa Alkantariya		SA#: 6341141523
PANAHOON NG PAGINGIL	MGA ARAW	SCHEDULE NG PASINGIL SA ALKANTARIYA
10/27/23 - 12/29/23	63	Bayad sa Serbisyo ng Alkantariya - Residensyal
Pagsingil sa Sewer Service*		11.82762 HCF X \$5.80000/HCF 68.60
Programang Sewer Service EZ-SAVE*		-21.27
Kabuuang Pagsingil sa Alkantariya \$47.33		

Paano makakaapekto ang mga singilin na ito sa mga umuupa at mga kasera?

Ang ilang mga umuupa sa bahay ay nagbabayad ng Sewer Service Charge sa pamamagitan ng isang bill mula sa LADWP, at ang iba ay may mga serbisyo sa tubig at alkantariya na kasama sa kanilang upa. Kung ikaw ay nangungupahan at magbabayad ng LADWP para sa mga serbisyo ng alkantariya, ang mga bagong singilin ay malalapat din sa iyo. Kung ang iyong mga serbisyo sa patubig at alkantariya ay kasama sa iyong pag-renta o sa iyong Home Owners Association (HOA) na mga dapat bayaran, halimbawa, ang iyong landlord o property manager ay direktang sa Lungsod para sa serbisyo ng alkantariya sa pag-aari.

Ang ilan ngunit hindi lahat ng pag-aari sa Los Angeles ay napapailalim sa Rent Stabilization Ordinance ng Lungsod, na kumokontrol sa mga pag-renta at pagpapaalis. Ang mga sitwasyon ng mga nangungupahan ay nag-iiba-iba sa buong Los Angeles kasama na kung ang mga kasera ay maaaring magpasa ng anuman o lahat ng mga pagtaas ng singilin sa kanilang mga nangungupahan. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa: <https://www.housing2.lacity.org/residents/rso-overview>

Anong tulong pinansyal ang mayroon para sa mga taga-Angelenos na nangangailangan?

Maaaring mag-apply ang mga customer ng wastewater na may mababang kinikita sa EZ-SAVE Program para makatipid sa kanilang mga singilin sa Sewer Service Charge. Ang mga residente ng Lungsod ng Los Angeles, kabilang ang mga tumatanggap ng serbisyo ng wastewater mula sa Los Angeles County Sanitation Districts ay karapat-dapat na mag-apply. Ang mga karapat-dapat na customer na Mababang Kinikita ay kasalukuyang tumatanggap ng 31% na diskwento sa Sewer Service Charge rate hanggang 18 HCF (18 daang cubic feet) ng tubig na ginagamit kada dalawang buwan. Itong Low-Income na diskwento ay magpapatuloy.

Maaaring i-convert ng lahat ng mga customer ang kanilang bi-monthly na LADWP bill sa isang buwanang cycle ng pagsingil sa pamamagitan ng Level-Pay program. Walang kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa kinikita upang gawin ang pagbabagong ito.

Upang malaman kung karapat-dapat ka para sa programang EZ-SAVE o upang baguhin ang iyong yugto ng pagsingil sa pamamagitan ng programang "Level Pay," pumunta sa: <https://www.ladwp.com/financialassistance>

Bakit kailangang ayusin ng Lungsod ang mga pagsingil ng Sewer Service Charge ngayon?

Ang tuluy-tuloy na pagtaas sa mga singilin ng Sewer Service Charge ay nahinto noong 2020 dahil sa pandemya. Ang mga unti-unting pagtaas ng pagsingil simula sa Taglagas 2024 ay kritikal na kailangan para mamuhunan ang LA sa mga proyektong pang-imprastruktura na nagpoprotekta sa kalusugan ng publiko at sa kapaligiran.



North Outfall Sewer Rehabilitation